PAGPAPAHAYAG SA KAGIPITAN NG PINANSYAL NA KAUGNAY SA COVID-19

Kodigo Sibil Seksyon 1179.02(d)

Ako ay kasalukuyang walang kakayahan na magbayad ng aking upa o ibang pinansyal na mga obligasyon sa ilalim ng pag-arkila nang buo dahil sa isa o higit sa sumusunod:

1. Kawalan ng kita na sanhi sa pandemyang COVID-19.
2. Tumaas na labas sa bulsang mga gastusin na direktang kaugnay sa pagsasagawa ng lubhang kailangan na trabaho sa panahon ng pandemyang COVID-19.
3. Tumaas na mga gastusin na direktang kaugnay ng mga epekto sa kalusugan dahil sa pandemyang COVID-19.
4. Mga tungkulin ng pag-aalaga sa bata o mga tungkulin upang alagaan ang isang nakatatanda, may kapansanan o maysakit na miyembro ng pamilya na direktang kaugnay sa pandemyang COVID-19 na nagbigay ng limitasyon sa aking kakayahan na kumikita ng pera.
5. Tumaas na mga gastusin para sa pag-aalaga sa bata o pag-aasikaso ng isang nakatatanda, may kapansanan, o maysakit na miyembro ng pamilya na direktang kaugnay sa pandemyang COVID-19.
6. Ibang mga kalagayan na kaugnay sa pandemyang COVID-19 na nagbawas ng aking kita o nagpapataas ng aking mga gastusin.

Anumang publikong tulong, kabilang ang insyurans ng walang trabaho, tulong para sa walang trabaho dahil sa pandemya, insyurans sa kalagayang may kapansanan (SDI), o may bayad na bakasyon ng pamilya, na aking natanggap simula ng pag-umpisa ng pandemyang COVID-19 ay hindi ganap na bumubuo para sa pagkawala ng aking kita at/o nadagdagan na mga gastusin.

Nilagdaan sa ilalim ng parusa sa pagsira ng banal na pangako.

.

_____

Lagda

_____

Pinetsahan

Para sa impormasyon tungkol sa ligal na mga mapagkukunan na iyong makukuha, bisitahin ang https://lawhelpca.org/.

Para sa impormasyon, mga mapagkukunan, at suporta, bisitahin ang www.LandlordTenant.dre.ca.gov.

PAGHATID NG PAHAYAG SA KAGIPITAN NG PINANSYAL NA KAUGNAY SA COVID-19

Kodigo ng Sibil na Pamamaraan Seksyon 1179.03(f)

Alinsunod sa Kodigo ng Sibil na Pamamaraan Seksyon 1179.03(f), maaaring ihahatid ng isang nangungupahan ang pahayag sa kagipitan ng pinansyal na kaugnay sa COVID-19 sa maylupa sa pamamagitan ng alinman sa sumusunod na mga pamamaraan:

(1) Sa personal, kapag ang maylupa ay nagpapahiwatig sa paunawa ng isang adres na kung saan ang pahayag ay maaaring ihahatid nang personal.

(2) Sa pamamagitan ng elektronikong transmisyon, kapag ang maylupa ay nagpapahiwatig ng isang email address na kung saan ang pahayag ay maaaring ihahatid.

(3) Sa pamamagitan ng United States mail sa adres na ipinahiwatig ng maylupa sa paunawa. Kapag ang maylupa ay hindi nagbigay ng adres alinsunod sa subparagraph (1), kay kung ganon ito ay kapani-paniwalang ipinagpalagay na ipapadala ng nangungupahan ang pahayag sa adres na ibinigay ng maylupa, ang pahayag ay itinuring na natanggap ng maylupa sa petsang nakalagay doon, kapag ang nangungupahan ay makapagpakita ng katunayan ng pagpadala sa adres na ibinigay ng maylupa.

(4) Sa pamamagitan ng alinmang parehong mga pamamaraan na maaaring magamit ng nangungupahan sa pagpadala ng bayad alinsunod sa paunawa kapag ang paghatid ng pahayag sa ganoong pamamaraan ay posible.